# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*TOMO 44 BILANG 2* | *BASAHIN AT TALAKAYIN* | *PEBRERO 2024*



*EDITORYAL*

## Labanan ang chacha, pakana ng imperyalismong US at paksyong Marcos-Romualdez

Banta sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Pilipino ang isinusulong na *charter change* (chacha) dahil nilalayon nitong palalalain ang neoliberal at awtoritaryang estado ng naghaharing pangkating Marcos-Romualdez. Iniraratsada ito sa kumpas ng imperyalismong US na laway na laway sa likas na yaman ng Pilipinas at pagnanais ng una na gamitin ang bansa bilang lunsaran ng kanyang pakikipagtunggali sa kapwa imperyalistang China ngayong nasa rurok ang krisis ng pandaigdigang sistemang monopolyong kapitalismo.

Sabayang itinutulak ng naghaharing pangkating Marcos ang chacha sa pamamagitan ng Constitutional Convention o Constituent Assembly sa Kamara at Senado at isang huwad na People's Initiative gamit ang grupong PIRMA. Binansagan pa itong *"economic"* chacha para gawing katanggap-tanggap sa bayan ang mga gagawing pagbabago partikular sa paggawad sa mga dayuhan ng 100% pagmamay-ari sa mga sektor ng edukasyon, pampulikong utilidad at *mass media and advertising*. Sa likod nito, maitim na balak nila ang chacha para palawigin ang kapit sa poder.

Kung tutuusin, dati nang nakabukas ang bansa sa dayuhang pamumuhunan at walang habas na dinarambong ng imperyalismong US ang yaman at rekurso ng Pilipinas sa pakikipagsabwatan sa mga lokal na burukrata sa estadong malakolonyal at malapyudal. Tuluy-tuloy na ibinukas ang ekonomya sa liberalisasyon ng dayuhang monopolyong kapital at produkto, pribatisasyon ng mga pampublikong serbisyo at deregulasyon o pag-aalis ng kontrol ng gubyerno sa mga sektor na ipinaubaya sa dayuhang entidad. Ngunit sa chacha, tuluyan nang tatanggalin ang anumang katiting



# KALATAS

Pebrero 2024
TOMO 44 BILANG 2

NILALAMAN

1 Labanan ang chacha, pakana ng imperyalismong US at paksyong Marcos-Romualdez

3 Ayon kay Ka Joma

4 Sumalig sa lakas ng masa!

5 Bantay Karapatan: Tanggalan sa pagawaan at pagpapaikli sa oras ng trabaho

6 Paaralang JMS, pinatataas ang diwa ng mga Pulang mandirigma

7 Delegasyon ng TK sa komemorasyon ng Pag-aalsang EDSA I, hinarang ng AFP-PNP

8 Tugon ni PdG: Anu-ano ang mga karapatan ng belligerent forces na dapat kilalanin at igalang ng GRP?

10 Kilos Protesta: OP-OD sa Rizal at First Day Rage sa UPLB

11 Kilos Protesta: Pagkilos ng mga magsasaka para kay Mary Joyce Lizada

12 Mga tula: Para kay Kokoy at mga katulad niya at Mga tanaga sa El Niño

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details@southern_tagalog_revolutionary_portal

pang natitirang mga ligal na hadlang para sa ibayong pagsasamantala at pang-aapi ng imperyalismo.

Hanggang ngayon, ipinagpapatuloy ni Marcos Jr. ang mga neoliberal na patakaran ayon sa kumpas ng imperyalismong US. Sa gitna ito ng grabeng krisis ng Pilipinas na pangita sa pagdausdos ng kabuhayan, kawalan ng lupa at trabaho, kasabay ng pagsirit ng implasyon at pagyurak sa pambansang soberanya. Sa halip na patatagin ang lokal na produksyon sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, inaatupag ni Marcos Jr. ang maluluhong byahe sa labas ng bansa upang maglamyerda at mamalimos ng dayuhang pamumuhunan.

Magsisilbi ang chacha ni Marcos Jr. sa nilulutong gera ng US laban sa China at Asia Pacific. Pabor sa US ang chacha dahil maaari nitong alisin ang mga pagbabawal sa base militar, armas nukleyar at patakarang gera. Bago pa man ang chacha at wala pang isang taon sa Malakanyang, pinahintulutan na ni Marcos Jr. ang pagdadagdag ng mga base militar sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. Pararamihin at padadalasin pa ang mga pinagsanib na ehersisyong militar ng US at iba pang mga kaalyado nitong bansa sa South China Sea na lalong nagpapaigting ng tensyon sa Asia Pacific.

Lubos na inaakomoda ni Marcos Jr. ang US at mulat na nagpapailalim sa mga interes nito upang makuha ang basbas nito sa patuloy na pangungunyapit sa poder. Tulad ng kanyang amang diktador, tiyak na gagamitin ng mga Marcos ang chacha para makonsolida ang sariling kapangyarihan at ng mga alipores nitong dinastiyang pulitikal. Ibabalik nito ang pasistang diktadura. Buburahin ang mga proteksyon sa karapatang tao na nakasaad sa reaksyunaryong Konstitusyong 1987. Asahan ang patuloy na paglala ng mga paglabag sa karapatang tao bunga ng pinabangis na kontra-rebolusyonaryong gera at hibang na paghahabol ng AFP-PNP sa *"strategic victory"* laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Dahil dito, nagiging malawak ang pagtuligsa ng bayan sa ipinapakanang chacha at sa mismong rehimeng US-Marcos II. Isinusuka ng taumbayan ang paninira ng mga Marcos at Romualdez sa Pag-aalsang EDSA I at tinawag pa nila itong "Edsa-pwera" para bigyang-matwid ang kanilang chacha at ang pakanang "People's Initiative" na pinopondohan gamit ang pondo na bayan. Nagsasama-sama ang iba't ibang grupo, sektor at uri ng lipunan para mahigpit na tutulan ang chacha. Mahigpit nitong kaugnay ang pakikibaka ng makabayan at patriyotikong pwersa laban sa pagkubabaw ng US sa ekonomya, pulitika, kultura at militar ng Pilipinas.

Nahihinog ang sitwasyon para pasikarin ang kilusang masa sa ngalan ng pagtutol sa chacha at pakikibaka para sa kasarinlan, karapatan, lupa at kabuhayan. Ang susunod na mga buwan ay maaaring magluwal ng mga kaganapang pipihit sa pampulitikang sitwasyon. Maaaring lumala ang mga hindi pagkakasundo ng Kamara at Senado. Higit pang iigting ang bangayan sa mga paksyon sa loob ng reaksyunaryong gubyerno. Nasa plano ng mga Marcos-Romuladez na ituloy ang plebisito kasabay ng Eleksyong 2025 para sa chacha. Tulad ng pagnanakaw nila sa Eleksyong 2022, tiyak na dadayain ang plebisito upang ilusot ang kanilang imbing pakana.

Kailangang puspusang ilantad at labanan ang chacha ni Marcos Jr. na malinaw na sumasagasa sa interes ng sambayanang Pilipino. Dapat palawakin at palakasin ang pagkakaisa ng mamamayan laban sa chacha sa pamamagitan ng isang malapad na alyansa ng mamamayan para

# KASARINLAN AT KARAPATAN, LUPA AT KABUHAYAN, HINDI CHACHA!

labanan, hadlangan at paatrasin ang pakanang chacha. Isagawa ang malawakang kampanyang edukasyon at propaganda para ipaliwanag ang epekto ng chacha sa bayan. Mahigpit na kontrahin ang kasinungalingan at pagmamaniobra ng rehimen para ilusot ito. Samantala, dapat kundenahin ng bayan ang ipokritong pagtutol ni Rodrigo Duterte sa chacha ni Marcos gayong isinulong niya rin ito noong kanyang administrasyon. Ilantad ang kanyang maiitim na balak sa pagsakay sa popular na pakikibaka ng bayan laban sa chacha upang itumba ang mga Marcos na pangunahing karibal sa kapangyarihan at kayamanan.

Gawing inspirasyon ang pakikibaka ng sambayanan laban sa Martial Law ng amang diktador ni Marcos Jr. Humugot din ng aral sa mga naging tagumpay ng pakikibaka ng mamamayan para pigilan ang chacha ng mga rehimeng Ramos, Arroyo, Aquino at Duterte.

Itambol at hawakan ang makatarungang panawagan ng bayan para sa kasarinlan, karapatan, lupa at kabuhayan sa halip na anti-mamamayan, anti-demokratiko at pro-imperyalistang chacha. Palakasin at ihatid ang kampanya sa internasyunal na entablado. Iugnay ang pakanang chacha sa sistematikong pagsasamantala at pang-aapi sa masang Pilipino ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Ang laban sa chacha ay mahalagang bahagi ng pakikibakang bayan para ihiwalay ang rehimeng US-Marcos II at tiyak na mag-aambag nang malaki sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Gayunman, dapat ipaunawa sa mamamayan na ang Konstitusyong 1987, bagama't may palamuting liberal-demokratiko, at ang naghaharing estado ay reaksyunaryo sa kaibuturan at ginagamit ng imperyalismong US laban sa mamamayang Pilipino. Ang bagong tipo ng pambansa demokratikong rebolusyon ang tunay at natatanging solusyon sa krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Dapat pasikarin ang pakikibaka laban sa chacha kasabay at kaugnay ng lahatang-panig na rebolusyonaryong gawain. Puspusang ilunsad ang digmang bayan at palakasin ang armadong pakikibaka, isulong ang rebolusyong agraryo at pagpunyagian ang pagtatayo ng baseng masa at ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan. Mapagpasyang iwaksi ang mga bagahe at umigpaw pasulong tungo sa pagtataas ng antas ng digmang bayan. Nasa unahan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa pakikibaka ng bayan hanggang sa maihatid at mailuwal ang lipunang malaya, demokratiko, makatarungan at masagana. K




"Tumagal ng 14 taon ang pasistang diktadurang Marcos mula 1972-1986. Ito ay dahil sa wala pang may-kakayahang rebolusyonaryong hukbo ng mamamayan na magpapaikli sa paghahari ng diktadura. Ang nagwakas dito ay ang pagsasalubungan ng nagpupunyaging mga pampulitikang pakikibaka ng malawak na masa ng mamamayan, nagkakaisang prente ng mga patriyotiko at demokratikong pwersa, ang mabilis na paglago ng armadong rebolusyonaryong kilusan at ang pagbabasurang ginawa ng US, Simbahang Katoliko at konserbatibong pwersa bilang resulta ng marahas na pagpaslang kay Benigno Aquino Jr. noong 1983."

*- Hinggil sa pasismo bago at matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, 2022*

Bisitahin ang sumusunod para sa mga pinakahuling balita at pahayag ng rebolusyonaryong kilusan sa TK:

@comkathryn.bsky.social

tumblr.com/strevportal

## Tugon sa panawagang Ampatin... sa rehiyon

# Sumalig sa lakas ng masa!

Matapos ang paglalagom ng komite ng Partido, naghanda ang yunit ng Bernie na tupdin ang isang napakahalagang gawain. Inatasan silang balikan at irekober ang baseng masa sa Kopra, isang bayang matagal na naiwan ng mga kasama at humaharap ngayon sa problema sa lupa at napakatinding krisis sa kabuhayan. Halos lahat o higit 90% ng mamamayan sa sasaklawing erya ay mga maralitang magsasakang nangangambang mapalayas sa kanilang lupa dahil sa mga nakaambang "proyektong pangkaunlaran" ng reaksyunaryong gubyerno.

Kumpyansa bagama't sa simula ay may pag-aalangan sa bahagi ng pamunuan ng yunit dahil wala ni isa sa kanila ang kumilos na sa erya ng Kopra. Matapos ang masusing pag-aaral sa kalagayan ng erya, mapangahas nilang sinuong at ginampanan ang kanilang mga tungkulin.

**Puhunan sa pakikibaka**

Pagdating sa lugar, ramdam ng mga kasama ang pananabik ng masang magsasaka sa NPA dahil alam nilang ito ang makakatuwang nila at tunay na kakampi sa pakikibaka para sa lupa at sa kanilang mga karapatan. Pangita ang suporta at pagtangkilik ng mga magsasaka sa mga kasama na nagbigay din ng serbisyong medikal at edukasyon sa erya. Tiniyak ng mga masang magsasaka na makapaglaan ng oras para sa mga rebolusyonaryong pag-aaral at pakikipag-pulong sa mga kasama. Kahit pagod na sa maghapong trabaho ay tuloy ang mga gawain hanggang gabi.

Sa gitna ng mainit at masiglang pagsasama-sama, mababakas pa rin ang takot at pangamba ng masa laluna sa usapin ng paglaban para sa kanilang interes. Hindi tumigil ang mga gahaman sa paghahangad sa yaman ng Kopra kaya't hindi rin ito inagwatan ng operasyong militar. Sinaklaw at tinutukan ito ng mga kampanyang supresyon mula pa nang diktadurang US-Marcos I. May mga lider magsasaka nang nagbuwis ng buhay sa kurso ng deka-dekadang pakikibaka ng mga taga-Kopra.

Naging pangunahing gawain ng Bernie ang pagbasag sa takot ng masa na nilikha ng tuluy-tuloy na operasyong militar at pinalala ng pansamantalang pagkaiwan ng BHB sa erya. Kwento ni Ka Vic, isa sa mga kadre ng yunit ng Bernie, "Takot at halos mawalan ng pag-asa ang masa sa lugar dahil sa isang haba ng panahon, pakiramdam nila'y wala silang malalapitan hinggil sa kanilang problema sa lupa."

Dahil dito, naglunsad ng mga pulong paglalagom at punahan, pati mga pag-aaral upang sumahin ang karanasan ng kilusang masa at tukuyin ang naging kahinaan kapwa ng Hukbo at pamumuno ng mga rebolusyonaryong pwersa sa lokalidad.

Natuklasan ng mga kasama na kakaunti pa lamang ang nakapagtapos sa PADEPA[1] sa Kopra kaya't pinuspos nila ng pag-aaral ang lahat ng mauugnayang masa. Kahit sa gitna ng paglalakbay ay nagagawa nilang bigyan ng pag-aaral ang mga masang makakasalamuha sa daan.

Sa mga pulong pag-aaral, tumampok sa masa ang pag-aaral sa kasaysayan ng Kopra kung saan maraming nakatatandang organisado sa lokal ang nagbahagi ng kanilang karanasan at pagtingin. Tumatak din ang ipinalaganap na suma ng mga aral mula sa anim na taong karanasan ng TK sa pagharap sa kampanyang supresyon ng pasistang estado. Nanariwa sa mga magsasaka ang mga nakamit na tagumpay sa mga nakaraang pakikibaka para sa lupa. Dahil sa marubdob na paglaban ng masa katuwang ang Hukbo, malalawak na tipak ng kinamkam na lupain ng mga PML ang napalaya at ipinamahagi sa mga wala o kulang sa lupa. Matatag ding dinepensahan ng masa ang kanilang karapatan sa harap ng mga pagtatangka ng reaksyunaryong gubyerno na kamkamin ang mga lupain upang gawing mga "parke" o ibukas sa mga dayuhang kumpanya. Dahil sa mga nakamit na tagumpay ng rebolusyong agraryo sa lugar, nalutas ang kagutuman at nagawa na ng mga residenteng papag-aralin ang kanilang mga anak maging hanggang kolehiyo.

Ang mahigpit na konsolidasyong ibinunga ng sama-samang paglaban ang salalayan ng pag-unlad sa isang antas ng kanilang kabuhayan at ng tuluy-tuloy na tulungan at kooperasyon sa hanay ng magsasaka. Dinatnan pa ng Bernie na masiglang gumagana ang mga dati nang itinayong suyuan at maging ang mga kooperatiba. Sa gitna ng pang-aatake ng kaaway sa panahong wala ang yunit ng BHB, nanatiling matatag ang mayoryang kasapi ng mga samahang masa. Bagamat may iilang nalinlang ang kaaway, mas marami ang nanindigan na hindi magparekrut sa CAFGU o sumapi sa mga kontra-rebolusyonaryong organisasyon na itinayo ng reaksyunaryong estado at ng AFP-PNP.

**Pagwawasto**

Sa kasalukuyan, may mga kontra-magsasaka at kontra-mamamayang huwad na proyektong pangkaunlaran na nais ipasok ng mga naghaharing uri kakutsaba ang lokal na reaksyunayong gubyerno sa Kopra. Malaking banta ito sa lupa, panirikan at kabuhayan ng mga magsasaka sa lugar.

Malinaw ang hamon sa mga kadre at kasama sa Bernie kung paano masiglang pakikilusin muli

ang masa para sa kanilang interes at kagalingan. Hamon din sa kanila na itulak ang mga pwersa sa lokal na tumayo sa sariling paa at pamunuan ang laban ng magsasaka. Bahagi ito ng pagwawasto ng Hukbo na tendensyang akuin ang dapat sana'y tungkulin ng mga kasapi ng Partido sa lokalidad. Iniresulta ng kahinaang ito ang pagtamlay at minsa'y kawalan ng mga rebolusyonaryong gawain ng mga samahang masa oras na wala ang Hukbo sa lugar.

"Gabay lang ang mga kasama, hindi Hukbo ang popronta. Dapat ang mga nasa lokal ang magpatupad ng mga plano at hakbangin. Dati na itong nagawa ng mga taga-Kopra, kailangan lang nila ng mga pag-aaral at konsolidasyon sa IPO[2]," ani Ka Vic. Aniya, kailangang bakahin ang konserbatismo sa pagpapakilos sa masa at pagtitiwala sa kanila na gumampan ng gawain.

Sa ganitong diwa nagsikap ang Bernie na sanayin ang mga kasapi ng Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL). Magkatuwang ang mga Hukbo at SPL sa pagrereaktiba ng mga organisasyong masa at pagbuo ng programa sa pagpapasikad ng kilusang masa. Sa aktwal na mga pulong masa, ang mga lokal na kadre ang nagpapadaloy at nangunguna sa pag-aambag ng mga ideya.

"Hindi pa nalulubos, ngunit may pag-igpaw na tayo sa ating mga naging kahinaan," ani Ka Vic. 🅺

*1 pambansa demokratikong paaralan*
*2 ideolohiya, pulitika, organisasyon*

BANTAY KARAPATAN

# Tanggalan sa pagawaan at pagpapaikli sa oras ng trabaho, pahirap sa mga manggagawa

Nanganganib na mawalan ng trabaho ang mahigit 100 manggagawa sa Nexperia sa Cabuyao City, Laguna. Magaganap ang *layoff* mula Abril 1 hanggang Setyembre. Palusot ng kumpanya, kinakailangan ang *layoff* dahil lumiit umano ang mga *order* ng mga dating *customer* kaya ibinaba ang produksyon. Kabilang sa mawawalan ng trabaho ang mga opisyal at kasapi ng unyon. Ang Nexperia ay kumpanyang nagmamanupaktura ng mga pyesang *semiconductor*.

Matatandaang noong 2022, nagpatupad din ng malawakang tanggalan ang Nexperia kung saan tinanggal ang mga kontraktwal na manggagawa na iniutos nang gawing regular ng Department of Labor and Employment (DOLE). Taong 2023 naman, tinanggal din ang walong manggagawa sa isang departamento kabilang ang tatlong opisyal ng unyon. Dinidinig pa ang kanilang mga apela hanggang kasalukuyan.

Magsasampa ang unyon ng *preventive mediation* sa tanggapan ng National Conciliation and Mediation Board matapos ang kawalang resulta ng *grievance procedure* sa maneydsment kaugnay sa iligal na tanggalan.

Nagtangka naman ang kapitalistang Ebara Pump Inc. sa Pittland, Cabuyao na ipailalim sa 15 araw kada buwan lamang na pasok ang mga manggagawa sa dalawang linya dahil umano sa pagbaba ng *order* ng mga *customer*. Agarang inireklamo ng unyon ang iskemang ito at humiling ng *grievance meeting*.

Matagumpay na naigiit ng unyon na ang mga apektadong manggagawa ay ilagay sa ibang departamento kaya nabigo ang pakana ng kapitalista. Ang kumpanyang Ebara Pump Inc. ay pagawaan ng tubong bakal.

Samantala, nakaambang mawalan ng trabaho ang humigit-kumulang 100 manggagawa ng Edward Keller na inempleyo gamit ang Megatekton Manpower Agency. Nakatakdang mapasó ang kontrata sa pagitan ng kapitalistang Edward Keller at Megatekton.

Sa ganitong iskema, ipinagkakait din ng Edward Keller sa matatagal nang manggagawa nito ang regularisasyon at benepisyong dapat nilang tinatamasa. Nangako ang Megatekton na ililipat sa ibang pagawaan ang mga mawawalan ng trabaho ngunit walang kasiguruhan ito para sa mga manggagawa.

Ang Edward Keller ay kumpanyang lumilikha ng mga makinang nagpoproseso ng pagkain. 🅺



# Paaralang JMS, pinatataas ang diwa ng mga Pulang mandirigma

Alinsunod sa panawagan ng Partido na pag-aralan ang mga akdang isinulat ni Jose Maria "Ka Joma" Sison, itinayo ng mga kadre at kasapi ng Partido, katuwang ang mga Pulang mandirigma, ang Paaralang Jose Maria Sison (Paaralang JMS) sa rehiyon. Sinimulan ito noong 2023 at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan.

Idinaos ang mga pag-aaral ng Paaralang JMS sa mga larangang gerilya sa Timog Katagalugan sa gitna ng walang tigil na *focused military operations* ng AFP-PNP. Baon ang mahigpit na pagtangan sa tungkulin at kapursigehan, matagumpay na itinayo ng mga komite ng Partido at ng mga yunit ng BHB ang Paaralang JMS. Pangunahing mga estudyante rito ang mga kadre at kasapi ng Partido, mga pulang mandirigma ng BHB, mga aktibista at masa.

Sa praktika ng mga yunit, simpleng istruktura lamang ang nagsisilbing paaralan—mula sa mga materyales na nakukuha sa lugar at payak na mga upuan. Gumagamit ng *blackboard* at iba pang kasangkapan sa pagtuturo na madaling ihanda at magaan. Inihanda lamang ng mga instruktor ang panulat sa *board* at mga dokumentong sanggunian upang makapagturo. Ginawa ito upang angkupan ang makilos na manera ng mga hukbong gerilya.

Mayor na nilaman ng pag-aaral ang limang monumental na dokumento ng Komite Sentral ng Partido:

- Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Itatag ang Partido
- Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin
- Partikular na Katangian ng ating Digmang Bayan
- Muling Pagtibayin ang ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang ating mga Pagkakamali
- Manindigan para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo

Masusing pinag-aralan din ng mga yunit, kasama ang masa, ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino at ang Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino.

Bukod dito, nagbalangkas din ng programa ang mga yunit ng BHB para sa kolektibong pagbabasa at indibidwal na pagbabasa ng mga akdang sinulat at hinalaw mula sa mga panayam kay Ka Joma. Tampok sa mga binasa ng mga Pulang mandirigma ang librong ***Makibaka para sa Pambansang Demokrasya*** (Stand for National Democracy) na bungkos ng mga sulatin ni JMS mula dekada 1960 hanggang maagang bahagi ng dekada 1970; ***Hinggil sa Moda ng Produksyon*** (1983), ***Walang Kalitatibong Pagbabago sa Lipunang Pilipino*** (1983) at ***Building Strength through Struggle*** (1972-1977). Nagbalik-aral din ang mga kasama sa mga panayam at talumpati ni Ka Joma hinggil sa malapyudalismo. Hinikayat naman ang mga nakababatang kadre at Pulang mandirigma na basahin ang serye ng ***Sino si JMS?*** mula sa Dangadang.

Sa yunit ng Belen, naging dagdag at suplementaryong pag-aaral nila ang inilathalang panayam kay Ka Joma na ***Hinggil sa Imperyalismo sa Klima*** (On Climate Imperialism), mga paksa kaugnay sa usapang pangkapayapaan, ***Hinggil sa Rehimeng Duterte at Hinggil sa Rehimeng Marcos II*** upang magbigay-linaw sa mga napapanahong usapin. Isinalin nila ang ***Hinggil sa Imperyalismo sa Klima*** na angkop at kinakailangang suplementaryong pag-aaral ng mga Pulang mandirigma at kasapi ng Partido sa Belen upang pagkaisahin ang mamamayang biktima ng pangwawasak sa kalikasan. Silbing sandata nila ang aralin upang ilantad at labanan ang pandarambong at pananalasa ng mga dayuhang korporasyon kasabwat ang mga lokal na naghaharing uri sa mga kabundukan ng kanilang larangan.

"Ang pinakamahusay na pagdakila sa buhay ni Ka Joma ay ang pagbabalik-aral sa kanyang mga akda at paggamit nito sa paglutas sa mga bara't suliranin upang muling maikambyo pasulong ang mga rebolusyonaryong gawain sa kasalukuyang yugto ng rebolusyon." Ito ang mensahe ng punong instruktor ng Paaralang JMS sa kapehan-pagtatapos ng mga Pulang mandirigma ng yunit ng Ruth, isang yunit ng BHB sa Timog Katagalugan. Itinaon nila ang kapehan sa anibersaryo ng pagkamatay ni Ka Joma noong Disyembre 16, 2023.

Sa kapehan, nagbigay ng mga repleksyon at realisasyon ang mga Pulang mandirigma sa mga paksa. Ayon kay Ka Joseph, "Napapawi ang nararamdam kong takot sa kaaway sa mga pag-aaral. Muling napaliyab ang apoy ng pagsisilbi ko sa rebolusyon lalo noong tinalakay ang hindi birong pinsalang natamo ng Partido sa mga pagkakamali at ang kawastuhan ng prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo."

Sa gitna ng mga programa, itinanghal ng mga Pulang mandirigma sa Ruth ang awit na "Ang Gerilya ay

*Sundan sa pahina 7*



# Delegasyon ng TK sa komemorasyon ng Pag-aalsang EDSA I, hinarang ng AFP-PNP




Hinarang ng pinagsanib na pwersa ng PNP Cavite, PNP Laguna, 2nd Infantry Division (ID)-Philippine Army at PNP SWAT ang mga delegasyon mula sa Cavite at Laguna na patungo sa EDSA para gunitain ang ika-38 anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA I noong Pebrero 25. Pangunahing bitbit ng delegasyon ang panawagan kontra-chacha na pakana ng rehimeng US-Marcos II. Binubuo ang delegasyon ng mga magsasaka, mangingisda, kababaihan, kabataan at maralitang lungsod.

Bandang alas-8 ng umaga, dalawang beses na hinarang ng *checkpoint* ng PNP ang mga magsasaka mula sa Imus City. Hindi ipinaliwanag ng mga pulis ang dahilan ng *checkpoint* at bastos na tinatalikuran na lamang ang mga magsasaka. Higit isang oras na inantala ng mga pulis ang karaban ng mga magsasaka gamit ang dahilang pagbusisi ng dokumento ng mga tsuper.

Tuluyan nang hinarang ang delegasyon sa isa pang *checkpoint* sa Bacoor City. Biglang binangga ng mga pulis ang isang dyip ng mga mangingisda. Tatlong dyip ang in-*impound* sa tabing ng mga gawa-gawang *violations* na *"improvised plate", "unsafe for driving", "change of vehicle color"* at *"need to change oil"*. Halos limang oras na binimbin ng PNP Cavite at 2nd ID ang naturang delegasyon.

Sa Laguna, ipinoste ng PNP ang 21 *checkpoints* sa Calamba, Los Baños, Sta. Rosa, Biñan, Magdalena, Sta. Cruz, Victoria, Bay, Lumban, San Pablo, Rizal, Cavinti, Mabitac, Luisiana, Alaminos, Paete, Nagcarlan, Cabuyao, Siniloan at San Pedro.

Dahil sa pagkabinbin, inilunsad na lamang ng delegasyon ang kanilang protesta sa *checkpoint* sa Longgos, Bacoor at sa harap ng munisipyo ng Los Baños. Naglunsad din ng lokal na pagkilos ang mga magsasaka mula sa Lupang Ramos upang kundenahin ang nasabing panghaharang at nanawagang harapin sila ng kapulisan at militar. Iginiit din nilang ibalik ang lisensya ng mga tsuper ng mga dyip na kanilang hinarang.

Bago ito iniulat na ang kabi-kabilang *state surveillance* ng AFP-PNP sa rehiyon. Sa Lupang Ramos, dalawang araw na nagpalipad ng *drone* at nagposte ng *mobile* ang PNP-Cavite para magmanman. Sa UPLB, may mga ahente ng paniktik na nagmamanman sa *workshop area* ng mga kabataan. Sa Pulo, Cabuyao, nagposte rin ng isang SWAT *vehicle* sa labas ng upisina ng mga manggagawa.

Ayon sa delegasyon, malinaw sa kanila ang dahilan sa likod ng panghaharang ng AFP-PNP. Ito ay utos ng rehimeng US-Marcos II upang pigilan ang malawakang protesta ng mamamayan na gagawin sa araw ng paggunita sa Pag-aalsang EDSA. Anila, malaking sampal sa kasalukuyang administrasyon na buhay pa rin ang diwa ng EDSA I, na siyang nagpatalsik sa diktador na si Marcos Sr.

Ayon sa BAYAN-ST, "Malinaw na paglabag ito sa karapatang tao laluna't sinabi mismo ng PNP na ang kanilang mga operasyon ay para sa komemorasyon ng Pag-aalsang EDSA. Ang pagpopostura nilang pangangalaga sa kaligtasang pampubliko ay isang direktang atake sa karapatan sa malayang pamamahayag laban sa mga maniobra sa pagbabago ng konstitusyon na tema ng mobilisasyon sa EDSA." K

*Mula sa pahina 6...Paaralang JMS*

Tulad ng Makata" at binigkas ang tulang "Sa ulan" na isinulat ni Ka Joma.

Dumalo rin sa kapehan-pagtatapos ang ilang masa mula sa mga komunidad na kinikilusan ng Ruth. Kwento nila, naglunsad sila ng maliit na salu-salo upang gunitain ang pagkamatay ni Ka Joma noong Disyembre 16, 2022.

Samantala, ibinahagi ng yunit ng Santo na bukod sa pagtatayo ng Paaralang JMS, inilunsad nila ang talakayang "Kwentong Rebolusyon, Kwentong Joma Sison" sa mga pormasyon. Nilaman nito ang mga trivia kaugnay kay Ka Joma upang higit siyang makilala ng mga Pulang mandirigma at kumander. Ginamit nilang sanggunian ang mga dokumentong ***Tanaw Mula sa Loob***, ***At Home in the World*** at ***Sino si JMS?***. Regular din silang naglalaan ng programa kaugnay kay Ka Joma sa arawang balitaan na Radyo Pakikibaka. K

**TUGON** *ni* PATNUBAY DE GUIA

# Anu-ano ang mga karapatan ng *belligerent forces* o pwersang nakikidigma na dapat kilalanin at igalang ng GRP?

Higit kailanman, napapanahong alamin at unawain ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ang hinggil sa International Humanitarian Law (IHL) partikular ang kasunduan sa Geneva Conventions kaugnay sa patakaran sa digmaan na sinang-ayunan ng maraming gubyerno sa daigdig kabilang na ang Government of the Republic of the Philippines (GRP). Ito ay sa kalagayang tahasan at lansakang nilalabag ng pasista at teroristang estado sa kurso ng kontra-rebolusyonaryong digma nito ang nasabing mga kasunduan.

Mayroong gerang sibil na nagaganap sa Pilipinas. Armadong tunggalian ito sa pagitan ng GRP at PKP-BHB-NDFP. Ang GRP ay ang kasalukuyang gubyerno na sentral na nakaluklok sa Maynila; habang ang PKP-BHB-NDFP ay isang *belligerent force* o pwersang nakikidigma laban dito at nagtatayo ng sariling gubyerno ng mamamayan sa kanayunan. Ang reaksyunaryong gubyernong GRP ay nagtataguyod sa kasalukuyang mapaniil na kaayusan habang ang rebolusyonaryong kilusan ng PKP-BHB-NDFP ay naghahangad ng pundamental na pagbabago sa lipunang Pilipino upang palayain ang mamamayan mula sa pambubusabos ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Ang estado ng PKP-BHB-NDFP bilang nakikidigmang pwersa ay pinatutunayan ng pagkakaroon nito ng pambansang pulitikal na liderato na nakalatag sa malaking bahagi ng populasyon at teritoryo ng Pilipinas; epektibong kumand sa armadong pwersang Hukbong Bayan; at paggampan nito sa mga kumprehensibong tungkulin ng paggugubyerno sa pamamagitan ng mga lokal na organo ng kapangyarihan sa pulitika na binhi ng Demokratikong Gubyernong Bayan. Ipinatutupad nito sa loob ng kanyang saklaw ang mga obligasyon ng isang nakikidigmang pwersa sa ilalim ng mga batas ng digma at IHL. Sa katunayan, kinilala na ng GRP ang *"status of belligerency"* ng PKP-BHB-NDFP sa pakikipagnegosasyong pangkapayapaan mula 1986 sa ilalim ng noo'y rehimeng US-Cory Aquino.



Sang-ayon sa IHL, partikular sa Protocol II na tumutukoy sa mga armadong labanan sa loob ng isang bayan, may mga karapatan ang mga rebolusyonaryong pwersang nakikidigma na dapat kilalanin at igalang ng reaksyunaryong pwersa at ng GRP. Mayroong mga batayang regulasyon kaugnay ng mga karapatan ng mga pwersang nakikidigma pati ang mga nasa kalagayang nasugatan, maysakit o nabihag:

a. Dapat respetuhin ang buhay at dignidad ng mga taong hindi tuwirang kalahok sa mga armadong sagupaan kabilang na ang mga taong dati ay tuwirang kalahok dito ngunit sa iba't ibang kadahilanan ay nasasagkaang magawa ito kagaya ng mga *hors de combat.* Kabilang dito ang mga nasugatan, nagkasakit o nabihag ng kabilang panig. Sa lahat ng pagkakataon, dapat silang bigyan ng proteksyon at tratuhin bilang tao nang walang sinisino anuman ang kanyang kulay, nasyunalidad, kasarian, relihiyon at pampulitikang paniniwala.

b. Ipinagbabawal ang pagpatay o pananakit sa mga sumuko at mga taong hindi na makagampan sa pagiging kombatant.

k. Ang mga sugatan at maysakit ay dapat ipunin at pangalagaan ng panig na bumihag sa kanila. Kasama sa proteksyong ito ang mga tauhang medikal, establisimyentong medikal, sasakyan at kagamitang medikal. Ang krus na pula na nakapatong sa puting bakgrawn ang simbolo ng proteksyong ito at dapat respetuhin.

d. Dapat respetuhin ang buhay, dignidad, mga karapatang tao at paniniwala ng mga bihag na mga kombatant at sibilyan. Dapat silang bigyang proteksyon laban sa lahat ng paglapastangan at pamamarusa. May karapatan silang makipag-

ugnayan sa kani-kanilang mga pamilya at tumanggap ng tulong na magpapagaan sa kanilang kalagayan.

e. Ang lahat ay may karapatan sa mga batayang garantiya ng batas. Walang sinumang parurusahan sa kasalanang hindi napatunayang kanyang ginawa. Walang sinuman ang totortyuring pisikal o mental, parurusahan ng kamatayan sa malupit na paraan o tratratuhin na parang hindi tao at kahiya-hiya.

g. Dapat pag-ibahin ang mga sibilyan at kombatant upang mapangalagaan ang mga sibilyan at ang kanilang mga ari-arian. Tanging mga pwersang militar o kombatant lamang ang maaaring maging target ng anumang operasyong militar.

Nakasaad din sa Protocol II ang proteksyon sa mga sibiliyan at maging sa mga sundalong sugatan o bihag. Ipinagbabawal ng Protocol II ang mga aksyong kaparis ng pwersahang pagpapalikas sa mga sibilyan mula sa kanilang mga lugar, ang mga blokeyo sa pagkain at ekonomya, at pagtotortyur at pamamaslang.

Subalit sa hindi na mabilang na pagkakataon, tahasang nilalabag ng AFP-PNP ang mga tinurang *protocol* at alituntunin. Malala ang kaso ng paglabag ng AFP-PNP sa karapatan ng mga rebolusyonaryong pwersa, lalo ng BHB. Madalas ang malahalimaw nilang pagtrato sa mga Pulang mandirigma na napapasakamay nila. Noong Hulyo 30, 2023, pinaslang ang Pulang mandirigma ng NPA-Batangas at *hors de combat* na si Isagani "Ka Gani" Isita. Imbes na hulihin, pinagbabaril ang biktima ng mga elemento ng 59th IBPA at MIG-4 kahit na hindi makalaban si Isita bunsod ng kanyang kapansanan sa kamay. Upang pagtakpan ang walang awang pagpatay, inimbento pa ng militar ang kwentong "nanlaban" si Ka Gani habang hinahainan ng *warrant of arrest*.

Pataksil ding pinaslang ng 76th IBPA sina Peter "Ka Rochie" Rivera at Jethro Isaac "Ka Pascual" Ferrer matapos silang dakpin habang nasa dalaw sa pamilya ng isang mandirigma noong Nobyembre 13,

***" Ang estado ng PKP-BHB-NDFP bilang nakikidigmang pwersa ay pinatutunayan ng pagkakaroon nito ng pambansang pulitikal na liderato na nakalatag sa malaking bahagi ng populasyon at teritoryo ng Pilipinas; epektibong kumand sa armadong pwersang Hukbong Bayan; at paggampan nito sa mga kumprehensibong tungkulin ng paggugubyerno sa pamamagitan ng mga lokal na organo ng kapangyarihan sa pulitika na binhi ng Demokratikong Gubyernong Bayan."***

2023 sa Gloria, Oriental Mindoro. May mga palatandaan ng tortyur sa katawan ni Ka Pascual na naka-*packing tape* ang paa. Samantala, pahirap kay Sonny "Ka Julian" Rogelio, opisyal ng BHB na nahuli at napasakamay ng 203rd Brigade mula Oktubre 27, 2023, ang tuluy-tuloy na interogasyon at saywar habang nagpapagaling siya ng sugat sa panga sa V. Luna Medical Hospital. Agad din siyang dinala sa BJMP Puerto Princesa City noong Disyembre 2023 kahit na hindi pa tapos ang kanyang pagpapagamot at hindi pa nakakakain nang maayos.

Sa pambansang antas, malinaw ang kriminalidad at kahayupan ng AFP-PNP at GRP sa brutal na pagpatay sa mga lider ng PKP na sina Benito at Wilma Tiamzon at walo nilang kasamahan sa Catbalogan, Samar noong Agosto 21, 2022. Ayon sa mga saksi, hindi na makilala ang mukha ni Ka Benito na binagsakan ng bato o anumang mabigat na bagay ang ulo hanggang mamatay. Isinakay sa bangka, pinalaot at saka pinasabugan ang labi ng mga Tiamzon at iba pa upang ikubli ang kalunus-lunos na sinapit ng mga biktima sa kamay ng AFP-PNP. Dapat pagbayarin ang mga uhaw-sa-dugong pasista sa kanilang lansakang paglabag sa karapatang tao.

Hindi rin pinag-iiba ng AFP-PNP ang mga sibilyan sa kombatant. Matatandaang pinatay ng AFP ang mga sibilyang sina Pretty Sheine Anacta at Rose Jane Agda noong Disyembre 17, 2023 nang atakehin nito ang nakahimpil na yunit ng BHB sa Brgy. Malalay, Balayan, Batangas. Tinaniman pa ng kaaway ng mga baril ang dalawa bago kunan ng litrato para palitawing mga kasapi ng BHB. Nauna pa rito ang pagpatay ng AFP sa batang si Kyllene Casao at kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno sa parehong probinsya at kay Dante Yumanaw, kapitan ng mga Mangyan Batangan, sa Occidental Mindoro noong Hulyo 2022.

Taliwas sa ginagawa ng reaksyunaryong AFP-PNP, mahigpit na sinusunod ng BHB ang mga alituntunin sa digma na napatunayan sa mahabang karanasan nito sa pakikihamok sa kaaway. Liban sa Protocol II ng Geneva Convention ay may sarili itong disiplina at alituntunin na nakasaad sa "Tatlong Alintuntunin at Walong Bagay na Dapat Tandaan" o Tres-Otso, partikular na ang "Huwag magmalupit sa mga bihag". Patunay ng makataong pagturing ng BHB sa mga kalaban nitong reaksyunaryong pwersa ang praktika ng mga medik ng Pulang hukbo na panggagamot sa mga nasusugatang sundalo, paggalang sa kanilang mga karapatan at pagpapalaya sa kanila sa makataong kadahilanan.

Sa kurso ng digmang sibil sa bansa sa pagitan ng rebolusyonaryo at reaksunaryong mga pwersa, malinaw na nakikilala ng mamamayan na ang rebolusyonaryong gubyerno ang mas makatarungan at makatao. Ito ang dahilan kaya't puspusang lumalahok ang mamamayan sa pambansa demokratikong rebolusyon upang maitayo ang tunay na gubyernong naglilingkod sa kanilang kagalingan at mithiin at tumatanaw sa pagtatatag ng sosyalismo sa bansa. K




# Oplan pinta at oplan dikit, salubong ng KM-Rizal sa kaarawan ni Ka Joma

Matagumpay ang inilunsad na oplan pinta at oplan dikit ng Kabataang Makabayan (KM)-Rizal noong Pebrero 11 upang gunitain at pagpugayan ang ika-85 kaarawan ni Jose Maria “Ka Joma” Sison, isang dakilang lider at tanglaw ng rebolusyong Pilipino. Ipinanganak si Ka Joma noong Pebrero 8, 1939.




Inihanda ng mga kabataan ang isang *wheatpaste art* ng larawan ni Ka Joma at idinikit sa mataong lugar sa Brgy. San Juan, Taytay. Ipinamalas ng KM-Rizal ang kanilang pagiging malikhain sa alay nitong likhang-sining para kay Ka Joma. Inspirasyon nila ang kadakilaan ni Ka Joma bilang isang rebolusyonaryo, guro, manunulat, at makabayan.

Ayon sa KM-Rizal, “Hinding-hindi mapipigilan ng reaksyunaryong gubyerno ang kasiglahan ng kabataang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Handang-handa ang KM-Rizal na ialay ang kanilang talento at lakas para ipagpatuloy ang nasimulang laban ng Kabataang Makabayan na itinatag ni Jose Maria Sison noong Nobyembre 30, 1964.”

“Patuloy na magiging mapangahas ang KM-Rizal na gamitin ang sining upang ilantad ang kabulukan ng estado at labanan ang papatinding pang-aatake at pasismo ng rehimeng US-Marcos II,” panata ng KM Rizal. K

# First Day Rage, inilunsad sa UP Los Baños

Hindi nagpatinag sa pang-iintimida ng mga pwersa ng estado ang mga estudyante at guro mula sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB) na naglunsad ng First Day Rage noong Pebrero 5, unang araw ng semestre.

Nagprotesta sila laban sa pagkaltas ng badyet ng UP, komersyalisasyon ng edukasyon, planong pagpapatupad ng *mandatory* Reserved Officers' Training Corps (mROTC) at iba pang mga anti-estudyanteng polisiya sa edukasyon sa bansa. Bitbit ang kanilang mga panawagan, nagdaos ng *snake rally* sa iba't ibang bahagi ng kampus ang mga estudyante at guro na lumundo sa isang programa sa Carabao Park.

Sa isinagawang programa, kinundena ang pagkakaltas ng P2.9 bilyong badyet ng UP para sa 2024. Ramdam ng mga estudyante ang kaltas na pangita sa kakulangan ng slots sa mga klase kaya nag-aagawan ang mga estudyante sa *academic units.* Katunayan, halos kalahati ng freshmen sa unibersidad ay kulang ang *academic units*. Kulang na kulang din ang badyet para sa maayos at sapat na pasilidad, serbisyo para sa *mental health* at Student Learning Assistance System (SLAS) na nagbibigay-tulong sa mga estudyante. Hinamon ng mga estudyante ang gubyernong Marcos II na maglaan ng mas malaking badyet sa edukasyon kaysa sa mga berdugo at teroristang AFP-PNP at ahensya kagaya ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Sa kalagitnaan ng programa, walang pasintabing pumasok ang sasakyan ng pulis sa kampus sa kabila ng Safe Haven Resolution ng UPLB. Ang resolusyong ito na nilabag ng PNP ay pinagkaisahan ng iba't ibang bahagi ng komunidad ng UPLB at nagtutulak sa administrasyon ng UP na panindigan ang UP-DND Accord na nagbabawal sa pagpasok ng pulis at militar sa loob ng mga kampus ng UP.

Patuloy ring iginiit ng mga estudyante na tumugon ang administrasyon ng UPLB sa intimidasyon, *red-tagging* at panghaharas ng mga armadong

*Sundan sa pahina 11*



# Mga residente ng Lupang Ramos, nagprotesta laban sa patuloy na pagdetine kay Mary Joyce sa kampo-militar at *harassment* sa kanyang pamilya

Nagsagawa ng kilos protesta ang mga magsasaka ng Lupang Ramos, Dasmariñas, Cavite sa pangunguna ng Katipunan ng mga Lehitimong Magsasaka at Mamamayan ng Lupang Ramos (KASAMA-LR) noong Pebrero 12 kasabay ng pagpapasa ng petisyon para alisin ang iligal na dinakip na aktibistang si Mary Joyce Lizada sa kampo ng 4th IBPA at ilipat siya sa isang regular na piitan.

Kasama ang magulang at mga kamag-anak ni Mary Joyce sa harapan ng Korte Suprema, ipinanawagan nila ang tamang proseso ng paglilitis, pagkilala at paggalang sa mga karapatan ni Mary Joyce. Hanggang ngayon iginigiit ng pamilya na bigyan siya ng abogadong pinili nila.

Siyam na buwan na ang nakalipas simula noong iligal na inaresto ng 4th IBPA si Mary Joyce, isang organisador ng Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK) sa Mansalay, Oriental Mindoro noong Abril 24, 2023. Naganap ito sa proseso ng kanyang pag-iimbestiga sa mga nagaganap na pambobomba at *harassment* sa hanay ng mga katutubong Mangyan.

Sa buong panahon ng kanyang pagkakapiit, pinagkakaitan si Mary Joyce ng karampatang proseso ng batas. Pinagkaitan ng karapatan ang kanyang pamilya na makausap at makita siya. Hanggang sa kasalukuyan, patuloy na nakararanas ang pamilya Lizada ng panghaharas mula sa mga ahente ng National Task Force To End Local Communist and Armed Conflict (NTF-ELCAC) na pumupunta sa kanilang bahay. Patuloy rin ang pang-atake at *red-tagging* sa Lupang Ramos kung saan nagmula si Mary Joyce.

Ayon sa Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan o KASAMA TK, "Wala nang ginawa ang berdugong AFP, NTF-ELCAC at Task Force Ugnay sa kanilang barangay kundi maghasik ng takot at pangamba sa pamamagitan panghaharas at sarbeylans. Nagkakailang beses na rin ang mga militar na nagpapanggap at nagpapakilalang taong simbahan sa pamilya ni Mary Joyce. Isang nagpakilalang Sgt. Buscayno ng Philippine Army ang masugid na nagsasaywar at naniniktik sa pamilya Lizada at sa kanilang komunidad. Kahit mga kapatid ni Mary Joyce na tahimik na naghahanapbuhay ay tinatakot sa *social media* at 'binibisita' sa kanilang pook-trabaho".

Nananawagan ang KASAMA-TK at ang pamilya Lizada na ibasura ang gawa-gawang kasong isinampa kay Mary Joyce at sa iba pang bilanggong pulitikal sa TK. 🅺

*Mula sa pahina 10...First Day Rage*

pwersa ng estado sa mga lider-estudyante at aktibista. Pinakahuling naitalang kaso ng panghaharas ang kaso ni Nemo Yangco, tagapangulo ng Anakbayan-UPLB na sinundan at minatyagan ng ahenteng militar sa kanyang *apartment.* Samantala, binigyang-diin din sa programa ang mga tagumpay ng masa kabilang ang pagpapabasura sa mga gawa-gawang kaso ng estado sa mga kabataang tagapagtanggol ng karapatang pantao na sina Hailey Pecayo at Jasmin Rubia.

Nagtapos ang programa sa simbolikong *chalk art* na pinangunahan ng mga lider-estudyante para ipakita ang patuloy na paglaban ng kabataang Pilipino sa pasismo ng estado at mga anti-mamamayang polisiya. 🅺



## Para kay Ka Kokoy at mga katulad niya

*ni Ka Fidel*

*"Mayad pagsurip! Fia fag sirang! Masene pag bagomarom!"*[1]
Maaliwalas ang iyong ngiti
Habang hawak ang iyong kape
Mula pa sa malayong balon
Para ipag-igib ng tubig ang platun
Ahon at lusong ang iyong tinahak
Pawis mo'y tumatagaktak
Bitbit ang mabigat na sako
Laman ay bigas, kape at tuyo.

*"Mayad pagkaraw-an sirang! Fia fag buknga sirang! Masene pag buknga sirang!"*[2]
Pasan-pasan mo nama'y mga kawayan
Mula sa kawayanan tungong kampuhan
Upang mga kubo'y magawa
Ng mga hukbong nagpapahinga
Walang pag-iimbot na binuksan
Ang iyong bakuran at tirahan
Turing mo na nga ay pamilya
Sa iyong mga tinatawag na "kasama".

"Mayad pagmalambong! Fia fag kayabi! Masene pag fapon!"[3]
"Sama-sama tayo at magtulungan"
Banggit mo sa inilunsad na kapihan
"Nandito sa kanayunan ang laban!"
Hamon mo sa mga kabataan
Hindi ko napigilang maluha
Sa iyong ibinahaging mga salita
Ang gawain mo'y hindi madali
Ngunit hindi ito kita sa iyong mga ngiti.

*"Mayad pagyabi! Fia fag yabi! Masene pag fapon!"*[4]
Ka Kokoy
Kahit ang dilim ng gabi
Ay di kayang matakpan ang iyong mga ngiti
Ang iyong halakhak
Pumapawi sa pangamba at pagod
Mula sa buong araw na pagsasanay
Ika'y inspirasyon sa tulad ko
Na nais baguhin ang mundo
Sa iyong kasipagan at dedikasyon
Aking nakikita ang tagumpay ng rebolusyon. 🅺

*Enero 9, 2024*
**tulang gawa ng kabataang hukbo para sa masa*

*1 Magandang umaga sa salitang Mangyan Hanunuo, Mangyan Buhid at Mangyan tau-buhid.*
*2 Magandang tanghali sa salitang Mangyan Hanunuo, Mangyan Buhid at Mangyan tau-buhid.*
*3 Magandang hapon sa salitang Mangyan Hanunuo, Mangyan Buhid at Mangyan tau-buhid.*
*4 Magandang gabi sa salitang Mangyan Hanunuo, Mangyan Buhid at Mangyan tau-buhid.*

## Mga tanaga sa El Niño

*ni Ka Nina*

O El Niño, El Niño
isa ka ngang delubyo
Magsasaka'y nanlumo
Ani nila'y naglaho

Isda'y sa init, hilo
Pumalaot nang todo
Huli ay limitado
Mangingisda ay talo

Pati mga manggagawa
Pawisan sa pabrika
Hilo na sa kalsada
Kapos pa rin ang kita

Sa eskwelahan naman
Todo na ang pagpaypay
Turo ni ser at madam
Di na maunawaan

Init na lumalatay
Tiyak nakatatamlay
Sina inay at itay
Baka ma-heat stroke, patay!

Malma'ng sikat ng araw
Mapapangawang tunay
Natuyot na ang laway
Kumakalam pa ang t'yan

Ang walang 'yang pangulo
Byahe doon at dito
Masa'y nasa impyerno
Iniwan ng gubyerno 🅺

**Ang tanaga ay tipo ng tula na may apat na linya/ taludtod kada saknong at pitong pantig sa bawat taludtod.*

